PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 17 JUNE 20 - 26, 2022 10.00

# GENTRI MAYOR-ELECT FERRER, TUTUTUKAN ANG PROBLEMA SA BASURA SA UNANG ARAW NG TERMINO

Sa naging panayam kay General Trias City Mayor-Elect Jonjon Ferrer nina Cheryl Cosim at Jay Taruc sa One New PH channel, ibinahagi niya na isa sa mga nais niyang tutukan ang problema sa basura sa kanilang lungsod.

Bagaman inamin niya na magkaiba sila ng istilo ng pamumuno ni outgoing-Mayor at Congressman-elect Antonio "Ony" Ferrer ay iisa naman umano ang kanilang layunin, ito ay ang mapabuti ang buhay ng mga residente at maging mas maging progresibo ang General Trias.



Ayon kay Jonjon, tututukan niya ang problema sa basura sa kanyang unang 100 araw. Pinag-aaralan na umano ng lokal na pamahalaan na bawasan ang dami waste disposal sa lungsod, kasabay ng pagsasaayos ng waste segregation mula sa household level.

Ipinaliwanag rin ng mas bastang Ferrer na sa pagtaas ng populasyon ay nadodoble rin ang dami ng basura.

Sa kasalukuyan, ang lungsod ay gumagastos ng tinatayang P250 milyon kada taon sa pagtatapon ng basura lamang, batay kay Congressman-elect Antonio "Ony" Ferrer.

"I encourage all the residents to continue practicing waste segregation from each household, it helps our environment and waste disposal process. Malaking bagay po ito para makabawas sa basurang hahakutin (this could significantly lower the wastes collected) ng garbage trucks and at the same time you can sell used bottles, newspapers, cartons, scrap steel and plastics," aniya.

Source: The Manila Times




# BUS MULA SA CAVITE, INARESTO SA PARAÑAQUE DAHIL SA OVERLOADING

Isang bus mula sa lalawigan ng Cavite na papuntang PITX ang hinuli sa Parañaque dahil sa overloading o labis na daming sakay na pasahero.



Sa ulat ng ABS CBN News, dinepensahan ng drayber ang sarili at ipinaliwanag na nagpasakay lamang umano sila ng mga pasahero mula sa isa pang bus na naaksidente.

Nais lamang umano nilang makatulong upang hindi ma-stranded ang mga nasabing motorista.

Samantala, iginiit naman ng mga pasahero sa mga operatiba na hindi totoo ang kwento ng drayber at punuan na talaga ang bus habang nasa mga lungsod ng Dasmariñas at Imus pa lamang ito.

Sumbong pa nila, hindi din umano mapaliwanag ng driver kung bakit Lawton ang nadisplay sa sign board ng bus niya, imbes na PITX lamang ito.

Dahil sa pangyayari ay kinumpiska ng Inter-agency Council for Traffic ang lisensya ng drayber at binigyan rin ng temporary operator's permit ang operator ng bus dahil sa violation ng excess passenger.

Nagbigay paalala naman ang I-Act sa mga pampublikong transportasyon hinggil sa pagpapatupad ng health protocols lalo't nasa gitna pa rin ng pandemya ang bansa.

# AÑO, PINANGUNAHAN ANG PAGPAPASINAYA SA BAGONG DOH-DATRC SA TRECE MARTIRES

Pinangunahan ni Department of the Interior and Local Government Secretary Eduardo Año ang ceremonial unveiling ng marker at ribbon-cutting ng bagong tayong Department of Health-Drug Abuse Treatment and Rehabilitation Center (DOH-DATRC) nitong Hunyo 14, 2022.

Ang naturang pasilidad ay matatagpuan sa Barangay Osorio sa lungsod ng Trece Martires.

Ito ay bahagi ng P1.850-bilyong DOH JICA program grant na tinatawag na "Consolidated Rehabilitation of Illegal Drug Users" (CARE), isang bilateral project alinsunod sa Japan-Philippines Joint Statement on Bilateral Cooperation para labanan iligal na droga, bilang bahagi ng pagsisikap na itaguyod ang kaligtasan ng publiko.

Ang rehabilitation center ay binubuo ng 25 na gusali na tatanggap ng mga gumagamit ng ilegal na droga, na sumuko, at mga drug dependent mula sa rehiyon ng Calabarzon.

Dumalo rin sa nasabaing aktibidad sina Health Undersecretary Leopoldo Vega, Health Assistant Secretary Maria Francia Laxamana ng DoH-Field Implementation and Coordination Team, at Central at South Luzon provincial administrator Alvin Mojica, na kumakatawan kay Gov. Jonvic Remulla, maging si Trece Martires City Major Gemma Lubigan.




Source: PIA Cavite, The Manila Times
Photo: Ruel Francisco, PIA Cavite




ACCEPTING ADS - 0928-4682788/0936-0582240 * E-mail add: pahayagangkabitenyo@Yahoo.com / pahayagancavite@gmail.com

# TALENTADONG MANGINGISDANG PINOY SINGING CONTEST

Sa darating na BFAR 4A Founding Anniversary Celebration, lahat ay inaanyayahan na ipamalas sa buong rehiyon ng CALABARZON ang kani-kaniyang galing at talento sa pagkanta. Kaya't halina at makilahok sa aming patimpalak!

Talentadong Mangingisdang Pinoy Singing Contest

Ang mapipiling mananalo ay makatatanggap ng mga sumusunod na cash prize:

1st place: ? 1,500.00
2nd place: ? 1,000.00
3rd place: ? 700.00
Special Award - Most liked: ? 400.00
- Most shared ? 400.00

Mechanics:

1) Magpadala ng katibayan na kayo ay isang rehistradong mangingisda ng Region 4A.

• FishR number o Certificate from MAO

2) Pumili ng kanta (minus 1) na isusubmit sa bfar4a.74@gmail.com.

3) Maglagay ng maiksing pagpapakilala sa iyong sarili kalakip ang iyong video at katibayan.

• Pangalan, tirahan at edad.

• Saang sektor ng pangisdaan nabibilang: Nag-aalaga, nanghuhuli, nagtitinda, nagbabyahe, nagpo-proseso atbp.

4) I-like at i-follow ang official Facebook Page ng BFAR Region 4A.

Criteria for judging:

| | |
|---|---|
| Originality | 40% |
| Voice Quality | 30% |
| Showmanship/Creativity | 20% |
| Timing | 10% |
| Total of | 100% |

Ang pagpapadala ng mga entries ay hanggang ika-1 ng Hulyo sa ganap na ika-lima ng hapon (5 pm).




# EDITORIAL

## Bantayan, mga katiwalian sa tanggapan ng pamahalaan

Bago tuluyang bumaba sa puwesto si President Duterte, tinupad niya ang sinabi na sisibakin sa puwesto ang mga corrupt sa Bureau of Immigration (BI) na sangkot sa ‘‘pastillas scam’’. Apatnapu't limang BI employees ang sinibak. Tinawag na “pastillas” ang modus dahil ang perang ipinangsusuhol ay nakabilot na hawig sa “pastillas. Sa imbestigasyon ng Senado, P40 bilyon ang naibubulsa ng mga korap sa BI dahil sa visa-upon-arrival (VUA) policy. Sa ‘‘pastillas scam’’, lahat nang Chinese nationals na hindi nag-avail ng VUA system ay magbabayad ng P10,000 sa Immigration para makapasok nang walang aberya sa bansa. Malaking tagumpay na nalagasan ng 45 corrupt ang BI.

Isang tagumpay din naman sana kung napanagot ang mga opisyal ng Pharmally Pharmaceutical Inc. at mga opisyal ng Procurement Service-Department of Budget and Management (PS-DBM). Nakuha ng Pharmally ang kontratang P42-bilyon sa PS-DBM sa kabila na ang capital nila ay P625,000 lamang.

Sa Bureau of Customs (BOC) ay marami ring corrupt officials na dapat ay nakapagsampol din si President Duterte gaya sa BI. Talamak ang smuggling at nalulugi ang pamahalaan sapagkat walang nakukulektang buwis. Bumabaha ang mga smuggled vegetable products dahil sa kutsabahan ng mga corrupt sa BOC at Department of Agriculture.

Talamak ang korapsiyon sa Department of Public Works and Highways (DPWH). Nakikita ang katiwalian sa sira-sirang kalsada gayung kagagawa lang. Tinipid ang semento. Marami ring sinisirang kalsada kahit hindi pa sira.

Patuloy din ang korapsiyon sa Bureau of Internal Revenue (BIR) kaya nakakahulagpos ang tax evaders. Hindi naman mangangahas ang mga mandaraya sa buwis kung wala silang kakutsaba sa BIR. Ang resulta, kulang ang koleksiyon sapagkat sa bulsa ng mga korap tumutuloy.

Marami ring katiwalian sa Department of Education (DepEd) at alam ito Sec. Leonor Briones. Inamin ni Briones na may mga katiwaliang nangyayari sa kan-yang tanggapan at ito ang dahilan kung bakit na--pagkakaitan ng edukasyon ang maraming kabataan-. Ipinanukala niya noong nakaraang Marso ang pagta-tatag ng anticorrup-tion committees (ACC) sa kani-lang central, regional at schools division offices.

Nararapat bantayan ang mga korap sa tanggapan ng pamahalaan. Sila ang dahilan kung bakit nakabaon sa utang ang bansa at patuloy na nagdarahop ang mamamayan.

**EDITOR'S NOTE:** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.





PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003
PAPER.Ph MEMBER

ERNA BALAGTAS ANCHETA
Publisher
DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.
Editor-In-Chief
DIOSAN MARUAL
KCEE NACION
Marketing & Circulation Manager
ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

# URBAN AT PERI-URBAN AGRICULTURE PROGRAM NG DA CALABARZON

Tuloy-tuloy ang implementasyon ng Department of Agriculture IV-CALABARZON (DA-4A) ng Urban at Peri-Urban Agriculture Program sa rehiyon sa pangunguna ng High Value Crops Development Program alinsunod sa direktiba ni Secretary William Dar na siguruhin ang suplay ng sapat na pagkain, partikular ng mga gulay sa bansa.

Kaugnay nito, pinulong ng DA-4A ang mga city at municipal agriculturists noong ika-6 ng Hunyo upang kamustahin ang implementasyon ng urban agriculture project sa kanilang lugar.

Sa kabuuan, ang DA-4A ay nakapagtatag ng 70 communal gardens, 19 modernized urban agriculture sites, at 19 urban mushroom production houses sa 30 lungsod at munisipalidad sa rehiyon. Ang pondong nailaan para dito ay aabot sa P55,000,000.00 na naging posible dahil sa Bayanihan Act II na naipasa noon nakaraang taon.

Ayon kay OIC-Regional Technical Director for Operations Abelardo Bragas, napakahalaga ng programang urban agriculture dahil lubos na nakakatulong ito sa pagsiguro ng suplay ng pagkain.

"Ang Urban Agriculture ay mahalaga para sa ating lahat dahil nakapagbibigay ito ng ligtas, mabilis at malapit na access sa pagkain para sa lahat," dagdag pa ni RTD Bragas.

Sa paglalahad ng mga city at municipal agriculturists tungkol sa mga naibabang interbensyon sa kanilang lugar sa ilalim ng urban agriculture project ay malaki ang naitulong at naidadag nito sa kanilang produksyon ng gulay.

Isa sa mga lungsod na nakatanggap ng interbensyon ay ang Imus, Cavite. Sila ay napagkalooban ng mga garden tools, drum, plastic mulch, organic fertilizer, grasscutter, multi-cultivator at sari-saring binhi para sa naitatag na communal garden.

"Ang kagandahan ng programang ito, ang inani natin sa communal garden, during the pandemic, ay



nagamit bilang relief goods at ito ay naging alternatibong pinagkakakitaan din ng ating mga benepisyaryo," pagbabahagi ni city agriculturist Robert Marges.

Isa pa sa naging benepisyaryo ay ang San Pedro, Laguna. Sila ay nakatanggap ng mga interbensyon upang makapagtatag ng apat na communal gardens, mushroom house, at modernized urban agriculture site.

"Malaki ang impact ng programang ito sa aming lungsod bilang isang highly urbanized area. Nabigyan ng dadag na kita ang aming mga kababayan at karagdagang mapagkukunan ng murang pagkain," ani city agriculturist Enrique Layola.

Samantala, hinikayat ni OIC-Field Operations Division Chief Redelizza Gruezo ang bawat isa na patuloy na paunlarin ang urban at peri-urban agriculture sa kanilang lugar.

"Kasama po ninyo ang DA-4A sa hangaring mapalakas ang produksyon ng pagkain sa buong bansa at makakaasa po kayo na ibibigay natin ang buong suporta para sa mas masaganang ani at mataas na kita ng ating mga magsasaka at sapat na pagkain para sa lahat," dagdag ni Chief Gruezo. ### (? ?? Radel Llagas ?? HVCDP)






## GUHIT NG KAPALARAN

GEMINI : (May.21-Hun. 21) Malaking pagkakataon ang nasa iyo para pag-aralang mabuti ang negosyong inaalok. Huwag basta pumasok sa anumang bagay na hindi tiyak ang kalalabasan. Kumunsulta sa dalubhasa kung may pagdududa. Lucky numbers at color for the day ang 4, 6, 30, 41 at off-white.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Magiging magaan ang tulong kung bukal sa puso ang pagbibigay. Tiyakin na mapapasakay ito ng nangangailangan. Lucky numbers at color for the day ang 8, 23, 30, 37 at antique gold.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Ang dinaranas na katamlayan ay maaaring nagmula sa kapaguran sa mga nakaraang araw. Pahinga ang kailangan. Lucky numbers at color for the day ang 5, 18, 20, 33 at oak brown.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Masamang balita dahil may hindi inaasahang pagkakagastusan. Kung ano man ang naitabi ay puwersahang mailalabas. Lucky numbers at color for the day ang 8, 17, 39, 45 at baby pink.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Hindi magiging komportable sa biro ng ilang tao na makakahunta-han, kaya hangga't maaari iwasan ang grupo. Lucky numbers at color for the day ang 5, 7, 20, 30 at orange.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Ang pangangailangan ay nasa iyo ngayon. Dito mo mapagtatanto kung sino ang tunay na kaibigan sa nagpapanggap lang. Lucky numbers at color for the day ang 5, 7, 20, 36 at avocado green.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Habang may buhay ay may pag-asa, ika nga. Malaki ang chances na ang inaasahan ay darating o matatanggap. Lucky numbers at color for the day ang 3, 19, 32, 43 at turquoise.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Ang kahihinatnan ng kapusukan ay kapahamakan, na dapat mong supilin dahil ito ang maging damdamin mo. Lucky numbers at color for the day ang 3, 5, 26, 34 at opal.

AQUARIUS: ( Ene. 20-Peb. 18) Walang perpekto kaya pag-aralan kung ano ang mga pagkukulang na nagawa. Ituwid ang pagkakamali. Lucky numbers at color for the day ang 4, 7, 20, 31 at beige.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Huwag hayaang magkaroon ng malaki ang hidwaan sa inyong magkaibigan o magkasintahan. Mag-usap. Lucyk numbers at color for the day ang 5, 7, 10, 25 at mocca.

ARIES: ( Mar. 21-Abr. 19) Iwasan na ipakipagsapalaran ang perang pang-negosyo o panggastos. Tantanan ang sugal. Lucky numbers at color for the day ang 6, 14, 36, 42 at chocolate brown.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) May mga pangyayari na kailangang sundin ang damdamin. Dapat ipaalam ang desisyon sa kapareha. Lucky numbers at color for the day ang 3, 12, 27, 40 at cream.

# Tax perks still key factor for investing in PH: IT-BPM group

MANILA – The IT and Business Process Association of the Philippine (IBPAP), the umbrella organization of information technology (IT) and business process management companies in the country, has underscored the importance of maintaining fiscal incentives in attracting investments from the industry.

IBPAP president and chief executive officer Jack Madrid said IT-BPO firms value fiscal incentives being provided by the government, and it is often “the tiebreaker in their investment considerations”.

“As a global leader in IT-BPM services, the Philippines finds its competitive advantage in the Filipino talent, our expanding digital infrastructure, and strong government support that creates an enabling and conducive business environment. It is the harmonious combination of these factors that allows the Philippines to maintain its global leadership in the industry,” Madrid said in a statement.



*KEY FACTOR. The umbrella organization of information technology (IT) and business process management companies in the country cites the importance of maintaining fiscal incentives in attracting investments from the industry. In 2021, the IT-BPM sector's revenues increased to USD29.49 billion, and created 122,000 full-time employees despite the pandemic. (File photo)*

Some IT-BPM registered business enterprises (RBEs) have decided to forego their tax perks from the government to maintain the work-from-home (WFH) arrangement for IT-BPM employees, as the Fiscal Incentives Review Board (FIRB) ordered RBEs in the sector to bring back 100 percent of their operations in the office.

RBEs that will not comply will lose their fiscal incentives.

“The decision of IT-BPM RBEs to forego their income tax perks is a difficult interim measure to address the needs of their employees and meet the demand of clients who prefer WFH/hybrid work arrangements. As such, the industry hopes that the FIRB will soon reconsider its decision and rule in favor of the IT-BPM industry by allowing its players the privilege of fully implementing the PEZA (Philippine Economic Zone Authority) Letters of Authority (LOA) on WFH,” Madrid said.

Madrid added the industry group stands by its position on hybrid work arrangement and the legal basis of PEZA's granting of LOA to allow 30 percent of WFH until Sept. 12, 2022.

In 2021, revenues of the IT-BPM sector increased to USD29.49 billion, 10.6 percent higher than the industry's 2020 revenues.

The industry also created 122,000 full-time employees despite the pandemic, bringing the total FTEs in the sector to 1.44 million.

“Growth prospects for 2022 and the medium-term are as bullish if favorable conditions are sustained. To retain and grow existing investments and encourage inflow of new investments, the country's regulatory and investment policies need to be clear and consistent,” he said.







PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 17 JUNE 20 - 26, 2022 10.00


# Philippine Environment Month jumpstarts the Regreening Efforts in CALABARZON

The provinces of Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, and Quezon participated in the Nationwide Simultaneous Tree Planting in celebration of the Philippine Environment Month this June.

More than 5,000 seedlings were planted by more than a thousand volunteers coming from various groups, agencies, institutions, and organizations in CALABARZON yesterday, June 8. Details of the tree planting activities facilitated by the Region's PENROs and CENROs are as follows:



PENRO Cavite - 400 seedlings of Cashew, Nangka, Guyabano, Narra, and Molave planted by 180 DENR employees and volunteers at Brgy. Paradahan, Tanza, Cavite



PENRO Laguna – 170 seedlings of Bitaog, Duhat, Kalamansi, Calamandarin, and Bamboo planted by 90 participants in Brgy. Maitim, Bay, Laguna

CENRO Sta. Cruz – 500 seedlings of Narra planted by 81 participants at Brgy. Magsaysay, Siniloan, Laguna

PENRO Batangas and CENRO Calaca – 300 seedlings of Bitaog planted by 80 participants at Brgy. Bucana, Nasugbu, Batangas

CENRO Lipa – 430 seedlings of Busain planted by 53 participants at Brgy. Lagadlarin, Lobo, Batangas

PENRO Rizal and Regional Office - 2,020 seedlings of Narra, Dao, Guyabano, Pili, Kamansi, Kakauate, Lumbang, and Palumaria planted by 201 volunteers at Brgy. Sto Niño, Tanay, Rizal inside Kaliwa River Forest Reserve

PENRO Quezon and CENRO Tayabas – 200 seedlings of Molave planted by 77 participants within Quezon Protected Landscape at Brgy. Silangang Malicboy, Pagbilao, Quezon; 50 seedlings of Narra planted by 15 participants at Brgy. Ibabang Palale, Tayabas City, Quezon

CENRO Real – 150 seedlings of Molave planted by 20 participants at Brgy. Maragondon, Real, Quezon; 200 seedlings of Kamagong, Lipote, and Narra planted by 73 participants at Brgy. Magsaysay, Infanta, Quezon

CENRO Calauag – 300 seedlings of Guyabano planted by 62 participants along Pipisik River, at Brgy. Butaguin, Gumaca, Quezon

CENRO Catanauan – 300 seedlings of Narra and Kalumpit planted by 95 participants along the stream bank of Brgy. Taguin-Candangal, Macalelon, Quezon

Meanwhile, continuous regreening efforts in CALABARZON is being conducted. Graduated National Greening Program sites are also promoted to be adopted by interested groups or organizations through a Memorandum of Agreement under the Tayo Ang Kalikasan Program. For those who would like to conduct a tree planting activity or adopt a graduated NGP site in CALABARZON, you may coordinate with the nearest DENR Office in your area.